

Mga Libangan na gawain sa Central West Gitnang Kanluran.

Ang Gobyerno ng Victoria ay lumilikha ng higit sa 75,000 ektarya ng mga bagong parke at reserba sa central kanluran ng Victoria, kabilang ang tatlong mga bagong pambansang parke.

Mga lugar para sa paglilibang sa Central West Gitnang Kanluran

Na may digit na lugar sa pangangalaga ng aming natural na kapaligiran at mga uri ng hayop, mayroon pa rin malawak na saklaw ng libangan na mga aktibidad upang makapag-saya mismo sa buong Central West ng Victoria, para sa parehong mga naninirahan at panauhin.

Ang mga pagbabago na aming ginagawa ay ang pagpayag sa papayagan ang mga taga Victoria upang patuloy na makapag-saya sa malawak na kapaligiran, makipahagi sa kalikasan, at gawin ang mga aktibidad na gusto nila sa buong Central West Victoria sa:

- Tatlong mga bagong pambansang parke
- limang mga bagong panrehiyong parke, at mga makabuluhang karagdagan sa umiiral na mga panrehiyong parke
- bagong mga resebang parke at reserbang kalikasan, at
- lugar na pinanatiling protektadong kagubatan at iba pang mga pampublikong lupain

Pagmamaneho at pagsakay sa pampublikong lupain

Maaari kang makapag-saya sa paglilibot gamit ang sasakyan kabilang ang pagmamaneho sa sasakyan na may apat na gulong, pagsakay sa trail bike, pagmomotor sa bundok at pagbibisikleta sa lahat ng ginawang mga daan at mga bukas na pampublikong daanan.

Sa mga pambansang parke, pinangangalagaang parke, panrehiyong parke, at ang mga protektadong kagubatan, maaari kang mag-saya sa pagsakay sa motor sa bundok at pagbibisikleta sa mga daanan at pilapil bilang tinukoy ng tagapamahala ng lupain.

Dapat manatili sa itinalagang mga daanan ang mga nagmamaneho at mananakay at daanan sa lahat ng oras at igalang ang iba pang mga gumagamit ng kalsada at daanan

Pag-akyat sa bundok, pag-picnic, pagmamasid sa kalikasan at pagpapahalaga sa pamana

Maaari kang makapag-saya sa pag-akyat sa bundok, pag-picnic, pagmamasid sa kalikasan at pagpapahalaga sa pamana sa lahat ng malapit na pampublikong lupain.

Pag-kamping sa pampublikong lupain



Environment,
Land, Water
and Planning

Maaari kang magkamping sa mga lugar na pinanatiling protektadong kagubatan.

Sa pangkalahatan ikaw ay maaaring magkamping sa mga pambansang parke, pinangangalagaang parke, ang panrehiyong parke, sa mga itinalagang kamping at iba pang mga lugar na tinukoy ng tagapamahala ng lupain.

Mayroong mga pagkakataon para sa magkakahiwalay na pagkamping sa mga bagong pambansang parke.

Hinihikayat na dagdagan ang mga bilang ng mga bisita sa karamihan sa mga parke at pinoportektahang lugar at maghatid ng kapakinabangan sa ekonomiya sa mga local na pamayanan. Sinusuportahan ito ng mga pagpapabuti sa serbisyo para sa mga gumagamit sa pamamagitan ng programa ng Victoria's Great Outdoors.

Bahagi ng Wellsford

Mahigit sa 7,000 ektarya ang nadagdag sa Bendigo Regional Park upang suportahan ang malawakang saklaw ng libangan na mga gawain.

Kasama dito ang:

- Pag-akyat sa bundok, pagmamasid sa kalikasan at pag-picnic
- Kamping
- Paglilibot gamit ang sasakyan, kabilang ang pagmamaneho sa sasakyan na may apat na gulong
- Pagsakay sa trail bike
- Pagmomotor sa bundok at pagbibisikleta
- Pagsakay sa kabayo sa ginawang mga daanan at bukas na daanan
- Paglalakad gamit ang aso (kabilang ang pagpapahila sa aso), at
- Libangan na paghahanap ng potensyal sa lugar.

Ilan sa mga pangunguha ng lokal na kahoy na panggatong ay pinapayagan mula sa mga itinalagang lugar hanggang sa Hunyo 2029.

Ang libangan na pangangaso at komersyal na pag-aani ng troso ay hindi pinapayagan.

Bahagi ng Wombat-Macedon

Sa Wombat-Lerderderg National Park, Cobaw Conservation Park, at Hepburn Conservation Park, maaari kang magkamping sa itinalagang kamping at iba pang mga lugar bilang tinutukoy ng tagapamahala ng lupain.

Sa bagong Barkstead, Spargo Creek, Blackwood at Fingerpost Regional Park, at mga karagdagan sa Hepburn Regional Park, maaari kang magkamping sa itinalagang kamping at iba pang mga lugar bilang tinukoy ng tagapamahala ng lupain.

Ang Gobyerno ng Victoria ay mag-a-upgrade ng ilang mga kamping at bubuo ng bago at na-upgrade na daanan sa paglalakad at pasilidad na daanan sa paglalakad na kabilang sa isang serye sa lugar na ito na pagpopondo mula sa programa ng Victoria's Great Outdoors.

Bahagi ng Mount Cole-Pyrenees

Ang mahahalagang lugar na pinanatiling protektadong kagubatan ay napanatili sa lugar na ito, kabilang ang mga parte ng Pyrenees (3,099 ektarya) at Mount Cole (5,037 ektarya) na protektadong kagubatan, kung saan maaaring mag-saya ang mga taga Victoria sa isang malawak na saklaw ng libangan na mga aktibidad kabilang ang kamping. Sa Mount Buangor at Mga Pyrenees National Park, at ang Pyrenees Regional Park, ikaw ay maaaring magkamping sa itinalagang kamping at iba pang mga lugar na tinukoy ng tagapamahala ng lupain.

Ang Gobyerno ng Victoria ay mag-a-upgrade ng ilang lugar ng kamping sa Mount Cole at Mount Buangor kabilang ang mga palikuran, matutuluyan, at karatula upang mapahusay ang paglilibang ng mga bisita. Ito ay pinondohan sa ilalim ng programa ng Victoria's Great Outdoors.

Pagpapahusay ng ating mga pampublikong lugar, daanan, at pasilidad

Ang Victoria's Great Outdoors ay nagpapalakas ng panrehiyon na turismo at ginagawang madali para sa mga taga Victoria upang mag-saya sa kalikasan sa pamamagitan ng pamumuhunan ng \$105.6 milyon sa maayos na mga daanan sa paglalakad, kamping, daanan ng mga sasakyang na may apat na gulong at pasilidad ng panauhin.

Ang Victoria's Great Outdoors ay magtatayo ng maayos na mga daanan sa paglalakad, kamping, daanan ng mga sasakyang na may apat na gulong at pasilidad ng panauhin upang gawing mas madali para sa Leah ng mga taga Victoria na malibot ang ating mga parke.

Tungkol sa mga pagbabagong ito

Ang mga pagbabagong ito ay makikita sa Gobyerno ng Victoria bilang sagot sa pagsisiyasat ng Victorian Environmental Assessment Council's (VEAC's) sa Central West sa Pangwakas na Ulat at mga rekomendasyon.

Ang mga pagbabagong ito ay nagpapanatili sa ating pinakamamahal kapaligiran at mga yaman sa kapaligiran at abutin ang isang napapanatiling balanse na naglalayon upang matugunan ang lahat ng pangangailangan ng mga gumagamit, ngayon at sa hinaharap.

Maaring mahahanap mo ang sagot ng gobyerno sa aming [website](#).

Karagdagang impormasyon tungkol sa pangunguha ng lokal na kahoy na panggatong ay magagamit sa <https://www.ffm.vic.gov.au/firewood/firewood-collection-in-your-region>



Kung kailangan mo ng tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa Translating and Interpreting Service (TIS) para sa tulong sa pagsasalin ng wika at pagbibigay kahulugan. Makipag-ugnayan sa TIS National sa 131 450 (sa loob ng Australia) o bumisita sa www.tisnational.gov.au